Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

7'4
11-17-11

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG NOBYEMBRE 8, 2011, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 261-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY ALIPIT NA NAGKAKAHALAGA NG APATNAPUNG LIBO ANIMNARAAN LIMAMPUNG PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P40,650.80) MULA SA 20% DEVELOPMENT FUND – CONCRETING OF PATHWAY UPANG ILAAN PARA SA REPAIR OF HANGING BRIDGE (P20,000.00) AT PAGPAPAGAWA NG DAANG TULAY-FOOT BRIDGE (P20,650.80) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 5 ng Sangguniang Barangay ng Alipit sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 40-T2011 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 6-T2011 na nagpapatibay ng halagang P40,650.80 mula sa 20% Development Fund – Concreting of Pathway upang ilaan sa proyektong nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 5 ng Barangay Alipit na nagkakahalaga ng P40,650.80 mula sa 20% development Fund – Concreting of Pathway upang ilaan para sa Repair of Hanging Bridge (P20,000.00) at Pagpapagawa ng Daang Tulay-Foot Bridge (P20,650.80) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Alipit, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 8, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan